Kapuri-puring *'asabiyyah*

Ang pagtatanggol sa katotohanan, pagtatanggol sa katarungan, at pagsisikap na ipalaganap at paniwalaan ang totoo ay hindi *'asabiyyah* at kung *'asabiyyah* man, ito ay kumakatawan sa kapuri-puring uri nito. Ang batayan ay ang mga natatanging layunin at hangad, at kung gaano ito may kinalaman sa mga pangmakasarili at masamang pakay at nagtataguyod ng mga makatarungan at mabuting layunin. Kaya, tuwing tutulungan ng tao ang kanyang mga kamag-anak at kaibigan, kapag ginagawa niya ito para lamang sa pagtatanggol sa katurungan laban sa paniniil, itong uri ng *'asabiyyah* ay kapuri-puri at kahanga-hanga dahil ang pagtatanggol sa katarungan at katotohanan ay isa sa mga pinakamarangal na katangiang pangtao at kabilang sa mga kaugalian ng mga Propeta (*'a*) at *awliya'* ng Allah. Dapat na panigan ng tao ang pangkat ng katotohanan at katarungan bagama't ito'y kanyang mga kaaway. Ang taong ganyan ay tagapagtanggol at tagapagtaguyod ng katotohanan. Mabibilang siya sa mga bayani ng karingalang pangtao, isang tapat na mamamayan ng pinakamimithing lipunan at may kakayahang buburahin ang mga kabaluktutan sa lipunan.

- Sinabi ng Propeta (*s*): "Ang pinakamabuti sa inyo ay ang taong nagtatanggol sa kanyang mga katribo habang hindi siya gumagawa ng kasalanan." [Abu Dawud, *Sunan*, *hadith* 5130]
- Sinabi ni Imam 'Ali (*'a*): "Kapag hindi ninyo maiwasang hindi mabilang sa mga taong gumagawa ng *'asabiyyah*, gumawa ng *'asabiyyah* para sa pagtatanggol sa katotohanan at mga api." [Al-Amidi, *Ghurar ul-Hikam wa Durar ul-Kalim*, *hadith* 3738]

Ang sumpa ng *'asabiyyah*

Ang *'asabiyyah* ay isang mapanganib na kalagayan para sa tao at lipunan. Bawat tao ay dapat na talagang magmuni-muni tungkol sa mga maibubunga nito dito sa mundo at sa kabilang-buhay. Kapag mahal o kinasusuklaman mo ang isang tao, o pumapanig o kumakalaban ka sa isang pangkat o bansa, iyong isipin kung ano ang nag-udyok sa iyo. Kapag hindi ito pagtataguyod sa katotohanan at katarungan, pagtulong sa mga api o pagpigil sa pang-aapi at kalupitan, nanarapat na iyong hintuan ang pagtatanggol sa mga taong may kaugnayan sa iyo. Tiyak na mahirap para sa iyong magkaroon ng ganoong hakbang at talikuran ang pagmamahal, pagkakaibigan at kaugnayan ng iyong mga kamag-anak, kaibigan at kasamahan. Ang iyong pasiyang talikuran ang *'asabiyyah* ay hindi lang magligtas sa iyo sa apoy ng impiyerno kundi mag-udyok din sa ibang tularan ka.

Konklusyon

- Sinabi ng Propeta (*s*): "Sinumang magtaguyod ng *'asabiyyah*, makipalaban alang-alang dito at mamatay sa landas nito ay hindi nabibilang sa amin." [*Mizan al-Hikmah*, *hadith* 13035]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa tunay na Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v.01

O mga tao! Nilikha Namin kayo bilang lalaki at babae, at ang mga bansa at tribo upang makilala ninyo ang bawat isa. Ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay iyong matakutin (sa Kanya).
(Qur'an, 49:13)

Iniulat ni Imam Ja'far al-Sadiq (*'a*) na sinabi ng Propeta (*s*): "Sinumang may *'asabiyyah* (anumang uri ng masamang palagay tulad ng **pagpanig sa sariling tribo o lahi, at nasyonalismo**) sa kanyang puso bagama't ito'y kasinglaki lamang ng buto ng mustasa, bubuhayin siya ng Allah kasama ng mga pagano sa panahon ng *Jahiliyyah*."
[Al-Kulayni, *Al-Kafi*, tomo 2, *bab al-'asabiyyah,* p. 308, *hadith* 3]

Mga Sakit ng Kaluluwa...

Masamang Palagay
(*'asabiyyah*)

Ang *'asabiyyah* ay isang pangsikolohiyang katangian na naipapahayag sa pamamagitan ng pagpanig o pagtanggol ng tao sa kamag-anak o sinumang may kaugnayan sa kanya tulad ng paniniwala, ideolohiya, bansa, wika, o lahi. Ang kaugnayang ito ay maaring may kinalaman sa propesyon, relasyon ng guro at mag-aaral, at iba pa. Ito ay isang bisyong pangmoral na nagmumukhang isang uri ng pagtatanggol sa katotohanan o relihiyon subalit sa katotohanan ito ay may layuning itaguyod ang sariling kapangyarihan o kapangyarihan ng kasamahan sa relihiyon o grupo, kamag-anak, o kaibigan.

Ano ang *'asabiyyah* at ano ang hindi *'asabiyyah*

- Iniulat na nang tanungin ang Propeta (*s*), "O Propeta ng Allah! Ano ang *'asabiyyah*?", kanyang (*s*) sinabi: "Ito ay ang iyong pagtaguyod sa sariling nasyon (o tribo) sa pag-aapi." [Abu Dawud, *Sunan*, *hadith* 5119]
- Si Imam 'Ali ibn al-Husayn (*'a*) ay tinanong tungkol sa '*asabiyyah*. Kanyang (*'a*) sinabi: "Ang *'asabiyyah* ay magdudulot na kasalanan sa tao kapag kanyang ituring ang mga pinakamasamang gawain ng kanyang kalahi o kababayan bilang mas mabuti kaysa sa mga pinakamabuting gawain ng kanilang kalabang tribo. Hindi *'asabiyyah* ang pagmamahal sa sariling bayan. Subalit, kapag tutulungan ng tao ang kanyang mga kababayan sa pang-aapi sa iba, ito ay *'asabiyyah*." [Al-Kulayni, *Al-Kafi*, tomo 2, *bab al-'asabiyyah,* p. 308, *hadith* 7]

Ang mga kasamaan ng *'asabiyyah*

Kapag ang puso ng tao ay puno ng dumi ng pangmakasarili, pagmamahal sa kamag-anak at hindi nararapat na *'asabiyyah,* ang ilaw ng paniniwala ay hindi magbibigay liwanag.

- Iniulat na sinabi ni Imam al-Sadiq (*'a*): "Babalutin (*'asabahu*) ng Allah ng isang tupi (*'isabah*) ng Apoy ang sinumang may *'asabiyyah* (laban sa iba)." [Al-Kulayni, *Al-Kafi*, tomo 2, *bab al-'asabiyyah*, p. 308, *hadith* 4]
- Iniulat mula kay Imam al-Sadiq (*'a*) na sinabi ng Propeta (*s*): "Ang kurbata ng paniniwala ay tinanggal sa leeg ng sinumang may *'asabiyyah* o alang-alang sa kanya ang ibang tao ay may *'asabiyyah*." [Al-Kulayni, *Al-Kafi*, tomo 2, *bab al-'asabiyyah*, p. 308, *hadith* 2]. Ang ibig sabihin, siya ay walang paniniwala at sa paningin ng Allah siya ay hindi nabibilang sa mga nananampalataya. Hinggil sa taong nakikinabang sa *'asabiyyah* ng iba, siya ay kabilang din sa *hadith* dahilan sa kanyang pagsang-ayon sa gawain ng kanyang kasama. Kaya, sila ay magkasama sa kasalanan.

Ang *'asabiyyah* laban sa isang bansa o grupo ay maaring humantong sa paggawa ng marami pang mga kasalanan tulad ng paninirang-puri, at mga karumal-dumal na krimen tulad ng pang-aapi, pagpatay, pagpuksa, at iba pa.

Ang *'asabiyyah* ng mga matalino

- Ito ay mas masama at masidhi kaysa sa iba pang mga uri ng *'asabiyyah* dahil ang isang pantas o matalino ay nararapat na patnubay ng sangkatauhan. Bukod dito, ang karunungan at pagtuturo ay isa sa mga sanga ng puno ng *nubuwwah* at *wilayah*. Tiyak na ang katiwalian ng isang pantas ay maging sanhi ng katiwalian ng isang bansa.
- Ang uri ng *'asabiyyah* na ito ay naipapahayag bilang kasutilan sa pagtatalo at kaugaliang pagtataguyod sa sariling mga kataga at kuro-kuro or ng sariling guro nang walang pagsasaalang-alang kung ito ba ay pagtatanggol sa katotohanan at pagpabulaan sa kabulaanan, o hindi.
- Sinumang tumuturing sa sarili bilang ilaw ng patnubay para sa mga tao ay nararapat na maglingkod bilang tunay na patnubay tungo sa landas ng kaluguran at bilang taong inatasang patnubayan ang mga tao tungo sa kabilang-buhay. Kapag hindi siya tapat sa kanyang mga salita at ang kanyang pagkatao ay salungat sa kanyang pag-uugali, siya ay tatawaging masamang pantas, isang matalino na masama ang ugali, o ipokrito.
- Isa pang kasuklam-suklam na aspeto ng bisyong ito sa mga matatalino ay ang kalupitan sa dunong mismo dahil ang *'asabiyyah* na ito ay katumbas ng pagmamalabis at kawalang-galang sa dunong.
- Ang masamang aspeto ng bisyong ito ay ang kasalanang nagawa laban sa kabilang panig na binubuo rin ng mga pantas. Sila rin ay nararapat na igalang at ang paglapastangan sa kanila ay isang malaking kasalanan. Minsan, ang walang kabuluhang *'asabiyyah* ay humahantong sa pag-insulto sa mga pantas.
- Ang ibang aspeto ng *'asabiyyah* ay may kinalaman sa taong pinapanigan bilang guro, halimbawa, ng taong pumapanig. Maaring mapilitan siyang itaboy ang kanyang estudyante dahil ang lahat ng mga magiting at mabuting guro (parangalan sana sila ng Allah) ay natural na pumapanig sa katotohanan at katarungan, at kinasusuklaman ang katiwalian at kalupitan.

Ano ang pipiliin ng *mu'min* – *'asabiyyah* o katotohanan?

- Ang tunay na nananampalataya (*mu'min*) ay may puso na tagapaglarawan ng ilaw ng paniniwala. Siya ang sigasig ng katotohanan at banal na dunong. Siya ay tapat sa mga kautusan ng relihiyon at mga makatwirang prinsipyo at batas. Walang anumang kaugalian, pamamaraan, pag-ibig, pagkakaibigan, o ibang bagay ang mag-udyok sa kanyang lumihis sa tapat na landas ng pagtangkilik sa katotohanan at katarungan.
- Makatanggap ng Islam at makapagsabing may *iman* lamang ang tao kapag siya ay masunurin at mapagkumbaba sa katotohanan. Kaya, kanyang ipinapalagay na hindi mahalaga at pansamantala ang kanyang mga layunin at mithiin, bagama't mahalaga ang mga ito, kung ihambing sa mga layunin at kautusan ng kanyang Panginoon at Tagapagkalinga. Kanyang isinusuko ang kanyang kagustuhan sa Kagustuhan ng kanyang Panginoon. Ang taong ito ay walang anumang bakas ng *'asabiyyah* at laging handang humarap sa katotohanan. Ang mga makapal at maitim na kurtina ng *'asabiyyah* ay hinding-hindi magiging hadlang sa kanyang paningin. Kapag atasang ipatupad ang katarungan at sabihin ang katotohanan, kanyang tatalikuran ang lahat ng ugnayan at pagsasamahan at ihahandog ang lahat ng pagkakamag-anak at karaniwang ugnayan sa dambana ng mga kahilingan at kautusan ng kanyang Panginoon.
- Kapag may salungatan sa pagitan ng Islamikong *'asabiyyah* at *'asabiyyah* ng *Jahiliyyah*, siya ay papanig sa nauna para sa katotohanan at katarungan. Alam ng taong pantas na ang lahat ng uri ng *'asabiyyah* at ugnayan ay panandalian at mawawala pagkatagalan. Ang tanging palagian at tunay na ugnayan ay ang ugnayan sa pagitan ng Lumalang at nilalang. Ito ay mas matibay, banal at mahalaga kaysa lahat ng ugnayan at pagkakamag-anak.